



BANGHAY-ARALIN SA ARALING PANLIPUNAN 2
(IPED Lesson Plan)
Dumagat Remuntado ng Rizal

Unang Markahan

Linggo 1- Ikatlong araw

Aralin 1.3: Kahalagahan ng Komunidad

I. Layunin

- a. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng komunidad na kinabibilangan.
- b. Natutukoy ang mga uri ng pamumuhay sa komunidad naayon sa kanyang kapaligiran.
- c. Naiuugnay ang mga uri ng pamumuhay ayon sa kinaroroonan ng komunidad na kinabibilangan.

II. Paksang-Aralin

Kahalagahan ng Komunidad

Sanggunian: Grade 2 CG AP2KOM-Ia-2, Yugto ng Buhay, IKSP, Elders

BIT:

Pangingisda

Uri ng Pangingisda:

- a. *Pamimislay*-panghuhuli ng isda gamit ang bislay at antipara
- b. *Panunublang*- uri ng pangingisda na ginagamitan ng katas ng kamaesa.
- c. *Pananalap*- panghuhuli ng isda gamit ang katsa.

Pagkakaingin- pagtatanim ng halaman sa lupang nilinisan.

Pangangaso- paraan ng panghuhuli ng mga hayop sa gubat na maaaring pagkain ng pamilya.

Kagamitan: Larawan ng iba't ibang komunidad, ilustrasyon, mga kuwento (Big books)

Integrasyon: Filipino, MTB-MLE, ESP

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa komunidad na kinabibilangan.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain



1. Pagtukoy sa mga pumasok
Nandito – weyo ok
Wala dito – eyen
2. Balik-aral:
Ipakita ang mga larawan kung saan maaaring matagpuan ang isang komunidad.
3. Paghahawan ng Balakid:
Magpakita ng larawan ng mga katutubong Dumagat Remuntado na nangingisda, nagtatanim at nangangaso. Itanong kung saan ginagawa ang mga ito.
4. Pagganyak na tanong:
Bakit mahalaga ang komunidad?

B. Paglalahad:

- a. Ipaskil sa pisara ang komunidad na matatagpuan sa iba't-ibang lokasyon.

Komunidad sa tabing ilog/dagat
Komunidad sa kapatagan
Komunidad sa kabundukan
Komunidad sa talampas
Komunidad sa lungsod
Komunidad sa industrial

- b. Itanong:

1. Anong komunidad ang nakikita niyo sa unang larawan? Pangalawa? Pangatlo? Pang-apat? Panglima? Pang-anim?
2. Sa iyong palagay, saan nanggagaling ang ikinabubuhay ng mga taong nakatira sa
Komunidad sa tabing ilog/dagat
Komunidad sa kapatagan
Komunidad sa kabundukan
Komunidad sa talampas
Komunidad sa lungsod
Komunidad sa industrial

- c. Isulat sa pisara ang mga kasagutan ng bawat mag-aaral at pag-usapan ito.

C. Panlinang na Gawain:

1. Gawain A:

Pag-aralan ang komunidad sa tabing ilog na kinabibilangan ni Bodoy, isulat sa kahon ang mga gawain o hanapbuhay na



maaaring gawin ng mga tao na bumubuo sa komunidad.
Tumawag ng bata upang isulat ito sa pisara.

Si Bodoy

Si Bodoy ay anak ng mag- asawang Lubigan at Ligaya. Nakatira sila sa tabi ng ilog kasama ng mga iba pang pamilya. Tuwing umaga isinasama siya ng kanyang ama na si Lubigan na mangisda kasama ang iba pang tatay at mga kaibigan niyang bata.

May iba iba silang pamaraan upang makapanghuli ng isda. Ang tatay ni Baye ay magaling manisid gamit ang kanyang pana at antipara. Pamimislay ang tawag sa kanyang paraan ng pangingsda.

Si inay naman ay nakakapanghuli ng isda sa pamamagitan ng paggamit ng katsa. Pananalap ang tawag sa ginagawa niya.

Maya-maya sumisigaw si Bodoy..itay! itay! Nasaan si Ayo? Nag-aalalang tanong sa itay. Ah, si Ayo naroon sa may maliit na balon nanunublang siya. Ano po ang nanunublang itay? Tanong ni Bodoy. Dinikdik niya ang bunga ng kamaysa at pinatulay niya ang katas ng kamaysa sa boho para mahilo ang mga isda at madali niya itong mahuli. Ganon po ba itay.

Tara na...yaya ni Talon a tatay ni Baye. Kasya na itong nahuli kong hipon para sa aming agahan. Mayamaya'y masayang nanakbo din si ayo na may nahuling dalawang palos. Puno naman ang maliit na lagayan ni Totoy sa nasalap niyang beya.

2. Gawain B:

Mula doon sa mga naisulat na sagot ng mga mag-aaral ay tumawag muli ng boluntaryo upang ipaliwanag ang sagot sa pamamagitan ng gabay na tanong.

- a. Bakit pangingsda ang iyong nasabi na hanapbuhay ng mga komunidad na nasa tabing ilog/dagat?
- b. Sino ang mga kadalasang ang komunidad ay nasa tabing ilog/dagat?
- c. Ano-ano ang mga uri ng pangingsda na ginagawa ng mga katutubong Dumagat Remuntado?



D. Pangkatang Gawain:

Pangkat 1. Magpakita ng ilustrasyon.

Mula sa mga karanasan niyo at ang nakikita niyo sa larawan, ano kaya ang maaaring gawin ng mga taong nakatira sa komunidad na nasa kabundukan upang mapakain ang kanilang pamilya. Iguhit ito at ipaliwanag sa harap ng klase.

Pangkat 2. Pag-aralan ang larawan ng komunidad na nasa kapatagan, lungsod at industrial. Isulat ang mga ito sa ibaba ng larawan at ipaliwanag sa harapan kung bakit?

Pangkat 3. Pag-aralan ang larawan ng komunidad na nasa talampas. Ano-ano ang mga gawaing maaari nilang gawin upang mapanatiling buhay ang kanilang pamilya. Isulat ang mga ito sa ibaba ng larawan at ipaliwanag sa harapan kung bakit?

Pagkatapos ipaliwanag ng bawat grupo ang gawa nila, sagutin ang mga gabay na tanong:

1. Ano-ano ang mga ikinabubuhay ng mga komunidad na nasa kabundukan? Bakit? Tignan ang Gawain ng pangkat 1.
2. Bakit ibang trabaho naman ang hanapbuhay ng mga nasa komunidad ng kapatagan, lungsod at industrial? Pangkat 2
3. Ano-ano ang mga makikita at mayroon sa kapatagan, lungsod at industrial?
4. Sino-sino ang mga bumubuo ng komunidad sa talampas sa pangkat 3?
5. Bakit ang uri ng hanapbuhay ay iba-iba?

Tandaan Natin:

Ang hanapbuhay ng bawat komunidad ay naaayon sa kinaroroonang kapaligiran. Ang kapaligiran o komunidad ang nagpapanatili ng pagiging malusog at patuloy na daloy ng buhay.

E. Paglalahat:



Ano ang kahulugan ng komunidad?
Ano-ano ang mga bumubuo ng komunidad?
Saan maaaring matagpuan ang komunidad?

IV. Pagtataya:

Piliin sa kahon ang mga hanapbuhay ng mga tao ayon sa komunidad na kinabibilangan.

Pangingisda pagtanim pangangaso pagtitinda inhenyero

- _____ 1. Komunidad sa lungsod
- _____ 2. Komunidad sa kapatagan
- _____ 3. Komunidad sa industriyal
- _____ 4. Komunidad sa kabundukan
- _____ 5. Komunidad sa tabing ilog

V. Takdang aralin:

Iguhit ang iyong komunidad. Isulat ang mga bagay na gusto mong baguhin sa inyong komunidad.

Rubrics:

5- malinis, kaakit-akit, malinaw at makatotohanan ang pagguhit. Angkop ang kulay sa inilalarawan.

4- Malinaw at malinis ang pagkakaguhit ngunit hindi angkop ang ginamit na kulay sa inilalarawan.

3. Malinaw at malinis ang pagguhit ngunit hindi angkop ang kulay na ginamit. Hindi nakakatawag pansin.

2. Malinaw at malinis ang pagguhit ngunit walang kulay.

1. Bahagyang malinaw at walang kulay ang iginuhit.